



Republic of the Philippines
 Province of Cavite
CITY OF BACCOOR
Office of the Sangguniang Panlungsod

PRESENT:

HON. EDWIN G. GAWARAN ----- Acting City Vice Mayor/
 Acting Presiding Officer
HON. AVELINO B. SOLIS ----- Councilor
HON. REYNALDO M. FABIAN ----- Councilor
HON. VENUS D. DE CASTRO ----- Councilor
HON. REYNALDO D. PALABRICA ----- Councilor
HON. BAYANI M. DE LEON ----- Councilor
HON. CATHERINE S. EVARISTO ----- Councilor (ABC-Pres.)
HON. MA. ELIZA H. BAUTISTA ----- Councilor (SKF-Pres.)

ABSENT:

HON. JANAIRO C. SAN MIGUEL ----- Councilor
HON. JAIME A. SAPANGHILA ----- Councilor

ON LEAVE:

HON. ROSETTE M. FERNANDO ----- City Vice Mayor/
 Presiding Officer

[Signature]
 EDWIN G. GAWARAN
 Councilor
[Signature]
 AVELINO B. SOLIS
 Councilor
[Signature]
 REYNALDO M. FABIAN
 Councilor
[Signature]
 ATTY. VENUS D. DE CASTRO
 Councilor
 Absent

JANAIRO C. SAN MIGUEL
 Councilor

~~REYNALDO D. PALABRICA~~
 Councilor
 Absent

JAIME A. SAPANGHILA
 Councilor

[Signature]
 BAYANI M. DE LEON
 Councilor

[Signature]
 CATHERINE S. EVARISTO
 Councilor ABC President

[Signature]
 MA. ELIZA H. BAUTISTA
 Councilor - SKF President

Attested by:
[Signature]
 ATTY. KRISTINA A. ATEGA, JR.
 Secretary to the Sanggunian

Certified by:
 On Leave
 ROSETTE MIRANDA FERNANDO
 Municipal Vice Mayor/Presiding Officer

Approved by:
[Signature]
 STRIKE B. REVILLA
 Municipal Mayor

CITY ORDINANCE NO. 2013-7
 Series of 2013

ISANG ORDINANSANG NAGTATATAG SA ISANG SCHOLARSHIP PROGRAM PARA SA KAPAKANAN NG MGA TAGA LUNGSOD NG BACCOOR NA KUKUHA NG KURSO NG PAGTUTURO O PAGPUPULIS SA KOLEHIYO.

Iniakda nina **KGG. CATHERINE SARINO-EVARISTO at KGG. REYNALDO D. PALABRICA**

SAPAGKAT, karapatan ng bawat Pilipino ang magkaroon ng maayos na edukasyon;

SAPAGKAT, maraming kabataang Bacooreño ang hindi nakakatapos sa kolehiyo dahil sa kahirapan at kawalan ng sapat na pagkakataon;

SAPAGKAT, ang sukatan upang maituring na maunlad ang isang bansa ay ang pagkakaroon nito ng isang epektibong sistemang pang-edukasyon at ng isang mapayapang lipunan;

SAPAGKAT, ang susi sa pag-unlad ng kahit na anumang bansa ay ang pagkakaroon ng epektibong public education system at ng isang mapayapang lipunan na nakakatugon sa mga pangangailangan ng mga mamamayan;

SAPAGKAT, ang pinakamalaking hadlang sa pagkakaroon ng Lungsod ng Bacoor ng isang epektibong public educational system at isang mapayapang lipunan ay ang kakulangan nito ng mga public school teachers at pulis;

Republic of the Philippines
Province of Cavite
CITY OF BACOR
Office of the Sangguniang Panlungsod




EDWIN G. ATWARAN

Councilor


AVELINO B. SOLIS

Councilor


REYNALDO M. FABIAN

Councilor


ATTY. VENUS D. DE CASTRO

Councilor

Absent

JANAIRÓ C. SAN MIGUEL

Councilor


REYNALDO D. PALABRICA

Councilor

Absent

JAIME A. SAPANGHILA

Councilor


BAYANI M. DE LEÓN

Councilor


CATHERINE S. EVARISTO

Councilor - SAC President


MARILIZA H. BAUTISTA

Councilor - SK President

Attested by:


ATTY. KHALIDA ATEGA, JR.

Secretary to the Sanggunian

Certified by:

On Leave

ROSETTE MIRANDA FERNANDO

Municipal Vice Mayor/Presiding Officer

Approved by:


STRIKE B. REVILLA

Municipal Mayor

SAPAGKAT, ang Lungsod ng Bacoor ay determinadong tugunan ang tatlong suliranin na nabanggit: (1) ang kawalan ng pagkakataon na makapagtapos ng kolehiyo dahil sa kahirapan, (2) ang kawalan ng epektibong public educational system dahil sa kakulangan ng mga public school teachers, at (3) ang kawalan ng mapayapang lipunan dahil sa kakulangan ng pulis sa pamamagitan ng paglulunsad ng isang educational program na magbibigay edukasyon sa mahihirap;

SAPAGKAT, nais din ng Pamahalaang Lungsod na turuan ang mga kabataang makikinabang sa ilalim ng ordinansang ito na huwag umasa sa tulong ng iba bagkus ay matutong umunlad sa pamamagitan ng sariling pagsisikap;

DAHIL SA MGA NABANGGIT, napagkaisahang ipasa ng Sangguniang Panlungsod ng Bacoor ang sumusunod na Ordinansa:

Section 1. **Maikling Pamagat.** Ang ordinansang ito ay kikilalanin din sa katagang "**Study Now, Pay Later Program of Bacoor**".

Section 2. **Deklarasyon ng Patakaran.** Patakaran ng Pamahalaang Lungsod ng Bacoor na solusyunan ang problema nito sa edukasyon at sa paglaganap ng kriminalidad sa pamamagitan ng paglulunsad ng isang scholarship program na naglalayon na makapagpatapos ng mas maraming guro at pulis sa kolehiyo na naninirahan sa Bacoor at maglilingkod sa Bacoor.

Section 3. **Paglulunsad sa Study Now, Pay Later Program ng Bacoor.** Ang "Study Now, Pay Later Program" ng Bacoor ay pormal na inilulunsad sa pamamagitan ng Ordinansang ito.

Section 4. **Mechanics ng Programa.** Ang mga sumusuod ay ang mga patakaran o mechanics ng "Study Now, Pay Later Program" ng Bacoor:

4.1. Tanging mga residente ng Bacoor ang maaaring makinabang sa ilalim ng programang ito.

4.2. Tanging mga mag-aaral na nagmumula sa mga pamilya na ang kabuuang kinikita kada taon ay di hihigit sa **Isang Daang Libong Piso (Php 100,000.00)** ang maaaring makinabang sa ilalim ng programang ito.

4.3. Mga mag-aaral lamang na may general weighted average sa high school na hindi bababa sa 80% at walang gradong bababa sa 75% sa kahit na anong asignatura sa high school ang maaaring makinabang sa programang ito. Bilang patunay na kwalipikado ang mag-aaral, siya ay kinakailangang magsumite ng kanyang high school transcript of records at Form 138;

4.4. Ang kurso sa kolehiyo na maaaring kunin ng mag-aaral na magnanais sumali sa Programa ay B.S. Education o kaya ay B.S.



Criminology lamang mula sa mga pamantasan o unibersidad na pipiliin ng Pamahalaang Lungsod;

4.5. Ang mga magulang o legal guardian ng mga mag-aaral na magnanais na makinabang sa ilalim ng Programang ito ay lalagda sa isang kasunduan sa pagitan ng Pamahalaang Lungsod at ng mga nabanggit na magulang o legal guardian. Ilista sa nasabing kasunduan ang iba't-ibang responsibilidad ng Pamahalaang Lungsod at ng mga nabanggit na mga mag-aaral/magulang/legal guardian sa ilalim ng Programa. Ang di pagtupad ng mga nabanggit na magulang o legal guardian o mag-aaral sa mga probisyon ng nasabing kasunduan ay magsisilbing dahilan upang sampahan sila ng kasong sibil ng Pamahalaang Lungsod dahil sa "breach of contract" at upang pagbayarin sila ng actual, exemplary or moral damages pati na attorney's fees na hindi bababa sa halagang ginastos ng Pamahalaang Lungsod sa pag-aaral ng mag-aaral;

4.6. Sasagutin ng Pamahalaang Lungsod ang tuition at miscellaneous fee ng mag-aaral sa loob ng apat na taon sa kolehiyo. Babayaran ng mag-aaral ang salaping nagastos ng Pamahalaang Lungsod sa loob ng sampung taon matapos syang makapagtapos, pumasa sa board examination, at makahanap ng trabaho bilang isang guro o pulis sa Bacoor—nang walang interes (o "zero interest"). Subalit kung hindi matatapos ng mag-aaral ang kanyang kurso sa loob ng apat na taon dahil sa pagpapabaya sa pag-aaral, o kaya ay hindi sya pumasa sa board exam, o kaya ay hindi sya magtrabaho bilang isang guro o pulis sa Bacoor—babayaran ng mag-aaral ang lahat ng ginastos ng Pamahalaang Lungsod sa kanyang pag-aaral sa loob ng sampung taon na may patong na anim na porsyentong interes (6% interest) kada taon;

4.7. Ang sinumang mag-aaral na makapagtapos ng kolehiyo sa pamamagitan ng Programang ito ay kinakailangang gawin ang mga sumusunod:

- a) Kailangan niyang maipasa ang board examination sa Education o Criminology upang siya ay maging kwalipikado na magtrabaho bilang guro o pulis;
- b) Kailangan niyang manungkulan bilang isang guro o pulis sa Bacoor sa loob ng di bababa sa limang taon matapos makapasa sa board examination; at
- c) Kailangan na matapat at maayos na gampanan ng mag-aaral ang mga tungkulin niya bilang guro o pulis.

4.8. Ang mga sumusunod na dokumento at dapat na isumite ng mag-aaral o ng kanyang mga magulang o legal guardian sa tanggapan ng Punong Lungsod:

(a) voter's ID niya o kaya ay ng kanyang mga magulang o legal guardian,

20.02
EDWIN G. CAWARAN
 Councilor

[Signature]
WELINO B. SOLIS
 Councilor

[Signature]
REYNALDO M. FABIAN
 Councilor

[Signature]
ATTY. VENUS D. DE CASTRO
 Councilor

Absent

JANAIRO C. SAN MIGUEL
 Councilor

[Signature]
REYNALDO D. PALABRICA
 Councilor

Absent

JAIME A. SAPANGHILA
 Councilor

[Signature]
BAYANI M. DE LEON
 Councilor

[Signature]
CATHERINE S. EVARISTO
 Councilor - SK President

[Signature]
MA. ELIZA H. BAUTISTA
 Councilor - SK President

Attested by:
[Signature]
ATTY. KHALIB A. ATEGA, JR.
 Secretary to the Sanggunian

Certified by:
 On Leave
ROSETTE MIRANDA FERNANDO
 Municipal Vice Mayor/Presiding Officer

Approved by:
[Signature]
STRIKE B. REVILLA
 Municipal Mayor



Republic of the Philippines
Province of Cavite
CITY OF BACOOR
Office of the Sangguniang Panlungsod

EDWIG G. GAWARAN
Councillor

AVELINO B. SOLIS
Councillor

REYNALDO M. PABIAN
Councillor

ATTY. VENUS D. DE CASTRO
Councillor

Absent

JANAIRO C. SAN MIGUEL
Councillor

REYNALDO D. PALABRICA
Councillor

Absent

JAIME A. SAPANGHILA
Councillor

BAYANI M. DE LEON
Councillor

CATHERINE S. EVARISTO
Councillor - SAC, President

MA. ELIZA H. BAUTISTA
Councillor - SK, President

Attested by:

ATTY. KHALID A. MATEGA, JR.
Secretary to the Sanggunian

Certified by:
On Leave

ROSETTE MIRANDA FERNANDO
Municipal Vice Mayor/Presiding Officer

Approved by:

STRIKE B. REVILLA
Municipal Mayor

(b) pinakabagong cedula o community tax certificate niya o ng kanyang mga magulang o legal guardian,

(c) sertipikasyon hinggil sa tunay na tirahan ng estudyante mula sa punong barangay ng barangay sa Bacoor kung saan nakatira ang nasabing mag-aaral;

(d) pinakahuling income tax return ng mga magulang ng mag-aaral, o sertipikasyon mula sa City Social Welfare and Development Office ng Bacoor na nagpapatunay sa tunay na kinikita ng nabangit na pamilya kada taon, o isang sertipikasyon hinggil dito mula sa kura paroko, pastor, o ministro ng relihiyon na kinabibilangan ng mag-aaral.

Section 5. Pagpapatupad ng Programa. Ang nabanggit na programa ay ipapatupad ng Pamahalaang Lungsod sa pakikipagtulungan ng DepEd, CHED, DILG, at ng Philippine Association of Colleges and Universities (PACUCOA). Ang kinatawan ng mga nabanggit na institusyon ang babalangkas ng Implementing Rules and Regulations ng Ordinansang ito sa loob ng siyamnapung araw (90 days) matapos maging epektibo ang Ordinansang ito. Ang nasabing IRR ay isusumite sa Sangguniang Panlungsod para ito ay pormal na aprubahan. Matapos na maaprubahan ng SP ang nasabing IRR, ito ay ituturing na bahagi ng Ordinansang ito at gagamiting batayan sa implementasyon ng Programang nabanggit.

Section 6. Pagmumulan ng Pondo. Ang pondong gagamitin para sa Programang ito ay magmumula sa 10% ng annual savings ng Pamahalaang Lungsod at sa iba pang maaring pagmulan ng pondo na naaayon sa batas.

Section 7. Saknong na Nagpapawalang Bisa. Ang anumang ordinansa, kautusan, resolusyon, o memorandum na taliwas, labag, o di sang-ayon sa mga probisyon ng Ordinansang ito ay awtomatikong pinapawalang bisa.

Section 8. Pagkakaroon ng Bisa. Ang ordinansang ito ay magkakaroon ng bisa sa loob ng labing limang araw (15 days) matapos na ito ay mailimbag minsan sa isang pahayagang may pangkalahatang sirkulasyon sa lalawigan ng Cavite.

Section 9. Sapilitang Pagsusuri. Sapilitang susuriin ng Sangguniang Panlungsod, sa pakikipagtulungan sa mga inatasang kinatawan ng Tanggapan ng Punong Lungsod, DepEd, CHED, DILG, at ng PACUCOA ang implementasyon ng Ordinansang ito sa loob ng dalawang taon matapos itong magkaroon ng bisa upang masigurong naisasakatuparan ang mga adhikain sa likod ng kautusang ito.

PINASA AT ISINABATAS ng Sangguniang Panlungsod ng Bacoor ngayong ika-4 ng Marso 2013 sa Lungsod ng Bacoor, Cavite.



Republic of the Philippines
 Province of Cavite
CITY OF BACOOR
Office of the Sangguniang Panlungsod

Pinatutunayan ko na ang Ordinansang ito ay ipinasa at isinabatas ng naaayon sa batas.

Pinatutunayan ni:

KGG. EDWIN G. GAWARAN
*Pansamantalang BiseAlkalde /
 Pansamantalang Punong Tagapamahala*

Pinatotohanan ni:

ATTY. KHALID A. ATEGA JR.
Kalinim ng Sangguniang Panlungsod

Pinagtitibay ni:

KGG. STRIKE B. REVILLA, PhD
Alkalde ng Lungsod ng Bacoor

EDWIN G. GAWARAN

Councilor

AVELINO B. SOLIS

Councilor

REYNALDO M. FABIAN

Councilor

ATTY. VENUS D. DE CASTRO

Councilor

Absent

JANAIRO C. SAN MIGUEL

Councilor

REYNALDO D. PALABRICA

Councilor

Absent

JAIME A. SAPANGHILA

Councilor

BAYANI M. DE LEON

Councilor

CATHERINE S. EVARISTO

Councilor - ABC President

MA. ELIZABETH BAUTISTA

Councilor - SK President

Attested by:

ATTY. KHALID A. ATEGA, JR.

Secretary to the Sanggunian

Certified by:

On Leave

ROSETTE MIRANDA FERNANDO

Municipal Vice Mayor/Presiding Officer

Approved by:

STRIKE B. REVILLA

Municipal Mayor